TB CONTROL — County of San Diego

PROGRAMANG PAGGAMOT NA TUWIRANG INOOBSERBAHAN (DIRECTLY OBSERVED THERAPY) *(D.O.T.)*

Paggamot ang tanging paraan upang gumaling ang iyong sakit at makatulong na hindi mahawa ng TB ang ibang mga tao. Gusto naming tulungan kang gumaling kaagad. Ang DOT ay ginagamit ng mga Programang Ukol sa TB sa lahat ng dako ng Estados Unidos at sa buong mundo.

Ang programang ito ay libre at nagsisimula sa pagbisita ng isang Nars ng Pampublikong Kalusugan. Ang nars ay:

- sasagot ng mga katanungan tungkol sa TB at tungkol sa ginagawang paggamot sa iyo.
- magdadala ng gamot mo sa TB sa isang nakasusing kahong kulay-dalandan na mananatili sa iyong bahay.
- makikipag-usap sa iyo tungkol sa mga maaaring maging problema sa gamot.
- tutulong na ayusin ang masasakyan mo papunta sa iyong doktor. Palagian ka ring makikipagtagpo sa isang sinanay na Outreach Worker (Pumupuntang Tagapaglingkod). Mahalagang pumili ng isang oras at lugar para sa mga pakikipagtagpong ito na maalwan sa iyo para wala kang makaligtaang pakikipagtagpo. Tungkulin ng Outreach Worker na tiyakin na naroroon siya kapag umiinom ka ng gamut.

Tawagan ang iyong manggagamot kung ikaw ay nakakaranas ng di-hangad na epekto mula sa iyong gamut sa TB..

Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyong Medi-Cal. Ang mga taong may impeksyon ng TB o may sakit na TB ay maaaring maging kuwalipikado rin sa TB-Cal. Upang malaman kung narapat kang tumanggap ng mga benepisyo at upang humiling ng pakete ng kaalaman at aplikasyon, mangyaring tumawag sa 1-858-514-6885. Tinatanggap ang mga tawag na « collect. »